Manindigan Ka Para sa Tunay na Pagsamba
(Bahagi 1)

Batay sa kabanata 16 ng aklat na *Ano Ba Talaga ang Itinuturo ng Bibliya?* na available sa jw.org/tl.

LAYUNIN: Suriin ang paniniwala mo at kung bakit mo pinaniniwalaan iyon, alamin ang itinuturo ng Bibliya, at tingnan kung paano mo maipaliliwanag sa iba ang iyong mga paniniwala.



ANO ANG IBIG SABIHIN NG PANININDIGAN PARA SA TUNAY NA PAGSAMBA?

1 SURIIN ANG PANINIWALA MO

Ano kaya ang posibleng sabihin ng iba?

Ano ang paniniwala *mo*?

Bakit iyon ang pinaniniwalaan mo?

www.jw.org © 2017 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

2 ALAMIN ANG ITINUTURO NG BIBLIYA

Kasama sa paninindigan para sa tunay na pagsamba ang pagbibigay kay Jehova ng bukod-tanging debosyon.
(Tingnan ang kabanata 16 ng aklat na *Itinuturo ng Bibliya,* parapo 1-5.)

Basahin ang Exodo 20:4, 5 at 1 Juan 5:21.

Paano ipinakikita ng mga tekstong ito kung ano ang tingin ng Diyos sa paggamit ng mga imahen sa pagsamba?

Basahin ang Deuteronomio 18:10-12.

Paano ipinakikita ng mga tekstong ito kung ano ang tingin ng Diyos sa pagsamba sa mga ninuno, na maituturing nang espiritismo?



Kung paanong hindi mo kakainin ang kendi na napulot sa kanal, hindi ka rin makikibahagi sa mga selebrasyong may paganong pinagmulan

www.jw.org © 2017 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

Kasama sa paninindigan para sa tunay na pagsamba ang pagtanggi sa mga selebrasyong hindi sinasang-ayunan ni Jehova.

(Tingnan ang kabanata 16 ng aklat na *Itinuturo ng Bibliya,* parapo 6-12.)

Basahin ang Genesis 40:20 at Marcos 6:21.

Dalawang pagdiriwang lang ng kaarawan ang binabanggit sa Bibliya at hindi sumasamba kay Jehova ang mga nagdiwang. Ano ang ipinakikita nito?

Basahin ang Isaias 52:11 at Efeso 5:10.

Bakit mahalaga kung saan nagmula ang relihiyosong mga kapistahan?

Bakit ka determinadong manindigan para sa tunay na pagsamba?

www.jw.org © 2017 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

3 IPALIWANAG ANG IYONG PANINIWALA

KUNG MAY MAGSASABI . . .

Hindi ko *sinasamba* ang mga imahen; pantulong lang ang mga ito para madama kong mas malapit ako sa Diyos kapag nagdarasal.

PUWEDE MONG SABIHIN . . .

Maganda na gusto mong mapalapít sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin. Pero kung tungkol sa paggamit ng imahen . . .

_____

_____

Anong teksto sa Bibliya ang puwede mong ipabasa sa kaniya?

_____

Paano mo gagamitin ang tekstong iyan para mangatuwiran sa kausap mo?

_____

KUNG MAY MAGSASABI . . .

Hindi na nagse-celebrate ng birthday at holiday ang mga tao para sa paganong dahilan; mga okasyon lang ito para makasama ang pamilya.

PUWEDE MONG SABIHIN . . .

Mahalaga ngang makasama ang pamilya. Pero naniniwala ako na importante kung saan nagmula ang isang selebrasyon dahil . . .

_____

_____

Anong teksto sa Bibliya ang puwede mong ipabasa sa kaniya?

_____

Paano mo gagamitin ang tekstong iyan para mangatuwiran sa kausap mo?

_____

www.jw.org © 2017 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania